

Taon XXXIX Blg. 6 Marso 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Kamtin ang lahatang-panig na rebolusyonaryong pagsulong

agpangin natin ang napakainam na rebolusyonaryong sitwasyong ibinubukas ng rumaraqasang kilusang anti-Arroyo. Milyun-milyong mamamayan sa loob at labas ng bansa ang napupukaw ng kilusang protesta para wakasan ang labis na kinamumuhiang rehimeng US-Arroyo.

> Dapat na puspusang itulak ang mga pakikibakang anti-Arroyo upang anihin ang lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan at kamtin ang mga rebolusyonaryong igpaw at pangmatagalang mga bentahe sa mamamayan.

Ang pakikibaka para patalsikin ang rehimeng Arroyo ay lalong

naglilinaw sa mama-

mayan ng pangangailangan para sa pundamental na pagbabago. Ipinakikita ng korapsyon ng naghaharing rehimen ang kabulukan ng reaksyunaryong estado. Ipinakikita ng panunupil nito sa mamamayan hindi lamang ang pagmamatigas ni Gloria Arroyo na manatili sa poder, kundi pati na ang pasismo ng estadong kontra-mamamayan.

Habang tumatagal at tumitindi ang labanan, lalong dumarami ang mamamayang namumulat sa pangangailangang wakasan na ang kabuuan ng mapagsamantala at mapang-aping sistemang lipunan na nagluluwal ng mga rehimeng katulad ng rehimeng US-Arroyo.

> Tumitingkad ang pangangailangan para sa rebolusyonaryong dahas upang labanan ang pasista at kontra-rebolusyonaryong dahas ng reaksyunaryo at papet na rehimen at estado.

> > Ang unos ng mga protesta ay nagsisilbing tuntungan upang lalo pang ita-

as ng rebolusyonaryong kilusan ang antas ng kamulatan, organisasyon at pagkilos ng iba't

Mga tampok sa isyung ito...

Ibayong palakasin ang militanteng paglaban PAHINA 3

JMSU: Pagtataksil at korapsyon PAHINA 7 Mga demolisyon, dulot ng programa ni Arroyo PAHINA 10 ibang sektor ng mamamayan sa mga usapin ng lipunan at rebolusyon.

Dapat abutin ng rebolusyonaryong propaganda, pag-oorganisa at pagpapakilos ang mamamayan saanman sila naroroon. Patampukin ang kanilang mga isyu at isulong ang kanilang mga pakikibaka laban sa mga karumaldumal na krimen ng naghaharing rehimen.

Kasabay ng paghimok sa mga hayagang kilos-protesta sa lansangan, ibayo silang mulatin at itaas ang antas nila sa pulitika, organisasyon at paglaban upang mahimok ang pinakamaraming bilang na lumahok sa armadong rebolusyon at isulong ang digmang bayan.

Kasabay ng pagbubuo ng malawakang mga taktikal na organisasyon at iba't ibang anyo at antas ng nagkakaisang prenteng anti-Arroyo, kailangang pabilisin ang pagpapalawak at pagpapatatag ng organisado at solidong lakas ng rebolusyon—ang Partido, ang hukbong bayan, mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

Tiyakin na makabuluhang bilang ng milyun-milyong napakikilos ay marekrut sa Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB), laluna yaong mula sa masang anakpawis at mga nakapag-aral na kabataan. Magsisilbi silang bag-as sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng higit na marami pa.

Paigtingin ang mga taktikal na opensiba kaalinsabay ng patuloy na sumisiglang mga protestang anti-Arroyo. Ang mga opensibang ito ay maghahatid ng kagyat na kaginhawaan sa mamamayang dinadahas ng rehimen. Sa pamamagitan nito'y makapagpaparami ng mga sandata ang BHB at lalong makapagpapalakas ng hanay. Dadalhin nito sa bago at mas mataas na antas ang digmang bayan.

Magbibigay ang mga tagumpay dito ng malaking inspirasyon at kasiglahan sa buong rebolusyonaryong kilusan at lahat ng lumalabang mamamayan. Lalong yayanigin ng mga ito ang gumegewang na rehimen at mag-aambag nang malaki sa pagpapabilis ng pagbagsak nito.

ang Bayan

Taon XXXIX Blg. 6 Marso 21, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal: Kamtin ang lahatang-panig	
na pagsulong	1
Matatagumpay na taktikal	
na opensiba nitong Marso	2
Palakasin ang militanteng paglaban	3
Umiinit na mga protesta	4
Testigo ng Senado, hinarang	5
Maruruming taktika ng rehimen	6
JMSU: Pagtataksil at korapsyon	7
US, sumasakay sa kontra-Arroyo	7
Pananalanta ng estado: Pastor	
inaresto, mga <i>imam</i> , dinukot	8
Ang matagal na paghihintay	9
Mga demolisyon ni Arroyo	10
Malagim na relokasyon	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Mga armadong aksyon ng BHB ngayong Marso

Di bababa sa pitong armas ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang salakayin nila ang isang minahan sa Compostela Valley nitong Marso 6. Dalawang sundalo naman ang namatay at pito ang nasugatan sa magkakahiwalay na aksyong militar ng BHB sa Misamis Occidental, Camarines Sur at Quezon ngayong buwan.

Sa Compostela Valley, limang ripleng M16, dalawang shotgun, ilang maiigsing baril, mga kagamitang pangkomunikasyon at mga kompyuter ang nasamsam ng mga gerilya ng BHB nang salakayin nila ang Apex Mining Corporation sa Barangay Masara, Maco, Compostela Valley. Winasak din ng mga gerilya ang mga makinarya ng minahan.

Ani Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng Merardo Arce Command ng Southern Mindanao Region-BHB, ang pagsalakay ay parusa sa pandarambong at paninira sa kalikasan ng dayuhang kumpanya. Aniya, ang pagwasak at pagkumpiska sa mga kagamitan ng kumpanya ay pagpaparating ng mensahe na hindi ipinagwawalambahala ng rebolusyonaryong kilusan ang pandarambong ng malalaking dayuhang kumpanya ng mina sa bansa.

Sa Misamis Occidental, isang upisyal at apat na sundalo ang nasugatan nang makasagupa ang mga Pulang mandirigma sa Barangay Carmen, Jimenez, Misamis Occidental ng mga elemento ng "C" Coy ng 10th IB nitong Marso 18. Ang mga sundalo ay nag-ooperasyon sa lugar nang maganap ang pananambang. Ang nasugatang upisyal ay si 1Lt. John Ro-

dolf Gonzaga.

Sa Camarines Sur, dalawang sundalo ng Philippine Army ang agad namatay nang tambangan sila ng BHB sa Cawayan, Ragay, Camarines Sur noong Marso 11. Nakamotorsiklo ang dalawang sundalo pauwi sa kanilang detatsment sa karatig na Barangay Casay, Lupi nang ambusin ng mga gerilya.

Sa Quezon, dalawang sundalo ang nasugatan sa ambus ng BHB laban sa isang platun ng Philippine Army na nag-ooperasyon sa San Pablo (Suha), Catanauan nitong Marso 18.

Samantala, sa gitna ng patuloy na paglulunsad ng mga opensiba ng BHB ay inamin kamakailan ni Gen. Hermogenes Esperon, hepe ng AFP, na hindi kayang kamtin ng militar ang target na durugin ang 17 larangang gerilya ngayong unang kwarto ng 2008. Matatandaang ang pagpapatuloy umano ng bwelo sa gera laban sa BHB ang dahilan kung bakit pinalawig ang termino ni Esperon. Nakatakda sana siyang magretiro noong Pebrero.

Ibayong palakasin ang militanteng paglaban

Patuloy na sumisigla ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino laban sa rehimeng US-Arroyo. Naabot ng malawak na alyansang anti-Arroyo ang bagong rurok sa malawak na pagkakaisa. Masiglang kumikilos ang mga manggagawa, magsasaka, malaproletaryo, mga kawani, kabataan at estudyante, kababaihan, taong-simbahan, abugado, dating upisyal ng gubyerno, mga pulitiko, negosyante at kilalang personahe.

Sa pamamagitan ng kanilang sunud-sunod na mga pagkilos sa mga lansangan, paaralan, komunidad at iba pang daluyan ng mga kilos-masa, ipinamamalas nila ang kanilang mga protesta at masidhing pagnanais na wakasan na ang paghahari ng bulok at brutal na rehimeng Arroyo.

Lalong nagkakapit-tuko si Gloria Arroyo sa harap ng ipinakikitang malawak na pagkakaisa ng bayan at mariing panawagang magbitiw o mapatalsik siya sa poder. Kinakasangkapan niya ang buong arsenal ng estado para sa maruruming maniobra at mararahas na hakbang laban sa mga nakikibaka sa kanyang rehimen.

Bago makamit ang tagumpay, tiyak na maraming pihit pa ang dadaanan ng pakikibaka para patalsikin ang labis na kinamumuhiang rehimeng US-Arroyo. Napakahalaga, sa gayon, ang mapalakas ang militante at progresibong salik sa pagsusulong ng kilusang masa at malawak na nagkakaisang prente. Susi ito sa pagkakamit ng sambayanan ng ibayong lakas, sigasig, tapang at

tatag upang malikha ang daluyong na tuluyang magpapatalsik kay Arroyo sa poder.

Dapat
puspusang
pabilisin
ang pagpapalakas sa
buong bansa
ng saligang
alyansang mang-

gagawa at magsasaka at ang pakikipagkaisa nito sa petiburgesyang lunsod at iba pang progresibong sektor. Ito ang magpapalakas at magpapatatag sa malawak na nagkakaisang prenteng anti-Arroyo na kinabibilangan din ng mga personaheng galing sa mas matataas na saray ng petiburgesya at bahagi ng naghaharing uri. Ang lalim at tibay ng masang anakpawis at mababang saray ng petiburgesya sa loob ng malawak na nagkakaisang prente ang makapipigil nang malaki sa mga kahinaan, pagkakahati at pag-atras-

abante ng mga nanggagaling sa mas nakaririwasang uri.

Ang saligan at positibong alyansa at mga militanteng pwersa nito ang nagsisilbing mapagkakatiwalaang solidong bag-as ng kilusang masa at nagkakaisang prenteng anti-Arroyo. Nakasalalay sa mga pwersang ito ang kakayahan ng kilusang anti-Arroyo na mangahas at magpunyagi sa pakikibaka at tiyakin ang pagtatagumpay nito.

Sila ang pinakainteresado at



determinadong wakasan ang kasalukuyang bulok at mapaniil na paghahari dahil sila ang dumaranas ng pinakamabigat na dagok ng korapsyon, pambubusabos at pangaapi ng naghaharing rehimen at sistemang panlipunan. Pursigido at puspusang dinadala nila di lamang ang paglaban sa naghaharing rehimen, kundi ang pakikibaka sa imperyalismo, pyudalismo, burukrata kapitalismo at pasismo at ang paglaban para sa radikal na makabuluhan at tuluy-tuloy na mga saligang pagbabaqong panlipunan.

Tungkulin, sa gayon, ng militante at progresibong seksyon ng kilusang anti-Arroyo ang malawakang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga manggagawa, magsasaka, karaniwang kawani, maralitang lunsod, walang hanapbuhay, pambansang minorya, pamilya ng mga migranteng manggagawa at iba pang pinakapinagsasamantalahan at inaaping sektor sa lipunang Pilipino.

Sa mga pwersang ito, mayroong natatanging papel ang mga kabataan at estudyante sa pagpapasigla at pagpapalaganap sa buong bansa ng bagong kilusang propaganda hindi lamang laban sa rehimeng US-Arroyo kundi laban sa sistemang pinaghaharian at nagpapanatili nito. Dapat pag-ibayuhin pa ng mga estudyante at kabataan ang kanilang paglaban sa pamamagitan ng pagpapahigpit sa pagkakaisa nila sa mga batayang sektor. Ilang ulit na magiging epektibong pwersa sa pakikibakang anti-Arroyo ang mga estudyante kung magagawa nilang pukawin ang mamamayan sa mga komunidad, pabrika at mga upisina sa paligid ng kanilang mga paaralan at iba pang maaabot nilang lugar. Dapat gawin nila ito hanggang sa paghayo sa kanayunan at sa iba't ibang dako ng bansa para sa mabilis na pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa ng sambayanan.

Dapat mahigpit na ikawing ng

mga batayan at progresibong sektor ang kanilang mga pang-arawaraw na laban sa pakikibaka sa korapsyon ng rehimeng Arroyo. Paalingawngawin ang sigaw para tutulan ang lumalalang kahirapan, kagutuman, kawalang-trabaho, kawalang-hustisya, panunupil at iba pa.

Ang militanteng pagkilos ng mga batayan at progresibong sektor ay ibayong makapagpapalakas sa unos ng protesta at pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Ang kanilang militansya, sigasig at determinasyon sa paglaban ang magsisilbing epektibong sandata sa paglaban at pagbigo sa lahat ng pakana ng rehimen na manatili sa poder. Sa pamamagitan nito, nagsisilbi ang pakikibakang anti-Arroyo sa pagsusulong ng pakikibaka hanggang sa mga rebolusyonaryong pag-igpaw para wakasan ang bulok at naghihingalong naghaharing sistema at makamit and tuluy-tuloy na mga progresibong pagbabagong panlipunan.


Umiinit ang mga protesta laban kay Arroyo

Patuloy na umiinit ang mga protesta para patalsikin si Gloria Arroyo at papanagutin siya sa kanyang mga krimen.

Nitong Marso 14, inilunsad sa Liwasang Bonifacio ang isang malaking rali-konsyerto na pinamunuan ng mga kabataan at estudyante sa pangunguna ng Youth Act Now. Tinatayang umabot

sa 10,000 ang sumama sa nasabing pagkilos, kabilang ang mga estudyante mula sa iba't ibang pamantasan, kolehiyo at hayskul. Nakiisa rin sa kanila ang ilang mga obispo tulad nina Bishop Teodoro Bacani at Oscar Cruz, mga pinuno ng Ecumenical Bishops' Forum at marami pang lider ng simbahan. Dumalo rin sa rali ang mga kinatawan ng In-

tegrated Bar



Binatikos ng Youth Act Now ang "unity walk" na gimik ni GMA

kasama ng ilang estudyante sa Malacañang. Anila, ang tunay na boses ng kabataan ay nasa protesta sa Liwasang Bonifacio at hindi sa Palasyo.

Noong araw ding iyon, naglunsad ng mga aktibidad ang iba pang progresibong organisasyon laban kay Arroyo. Nagmisa at naglunsad ng "kalbaryo ng mamamayan" sa Tondo ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay). Nagmartsa naman ang mga magsasaka sa pangunguna ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas mula Welcome Rotonda hanggang Morayta. Nakiisa sa kanila ang mga magsasaka ng Southern Tagalog at mga myembro ng Kilusang Mayo Uno. Nagprotesta naman ang grupong Karapatan sa tanggapan ng Commission on Human Rights at iba pang mga upisina para batikusin ang mga abusong militar at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Bago ito, naglabas noong Marso 13 ng pahayag ang 80 dating myembro ng gabinete sa ilalim ng rehimeng Aquino, Ramos, Estrada at Arroyo upang idiin si Arroyo bilang sentro ng korapsyon at kundenahin ang pagtatakip niya sa mga anomalya kaugnay ng proyektong NBN-ZTE.

Nagmartsa naman noong Marso 11 ang daang myembro ng Piston (Pinagkaisang Samahan ng mga Tsuper at Opereytor Nationwide) at iba pang mga progresibong organisasyon sa harapan ng Senado kasabay ng pagdinig dito hinggil sa iskandalong NBN-ZTE. Ito'y matapos sila manguna sa inilunsad na tigilpasada sa Kamaynilaan. Naniniwala ang Piston na dapat na ring magtuon ng pansin ang mga drayber sa mga isyu ng katiwalian ng rehimen at lumahok sa pakikibaka para patalsikin ito.

Nagprotesta naman ang mga mangingisda sa pangunguna ng Pamalakaya (Pagkakaisa ng Mamamayan at Lakas ng Mamamalakaya) sa Manila Bay. Dala ang mga plakard, lumusong sila sa tubig upang ihatid ang kanilang panawagang imbestigahan ang korapsyon kaugnay ng Joint Marine Seismic Undertaking (JMSU) sa Spratly Islands. Alinsunod sa JMSU, ipinauubaya ng rehimeng Arroyo sa China ang pagsasagawa ng eksplorasyon para sa la-

Testigo sa Senado, hinarang

Muling pinakilos ng rehimeng Arroyo ang mga galamay nito para pagtakpan ang hindi na mapigilang pagsingaw ng baho ng maanomalyang kontratang NBN-ZTE. Sa pinakahuling pagdinig ng Senado noong Marso 11, itinanggi ni Leo San Miguel, dating konsultant ng ZTE at tumayong testigo ng Senado, na may alam siya sa mahigit \$41 milyong kikbak at komisyon na natanggap ng mag-asawang Gloria at Mike Arroyo at mga galamay nila.

Itinanggi niya ang naunang testimonya ng kanyang empleyadong si Engr. Dante Madriaga na sangkot ang mag-asawang Arroyo at ang grupo nina dating COMELEC Chairman Benjamin Abalos sa anomalya. Ang grupo nina Abalos na kinabibilangan din nina San Miguel, Ruben Reyes at Quirino dela Torre ang kumita nang malaki at dinaluyan din ng mas malaki pang kikbak.

Isiniwalat ni Sen. Panfilo Lacson na apat na beses silang nagkita ni San Miguel bago pumayag ang naturang testigo na humarap sa Senado. Nangako si San Miguel na ilalantad ang lahat ng anomalyang kanyang nalalaman tungkol sa kontratang NBN-ZTE. Kaya laking gulat na lamang ng senador nang itanggi ni San Miguel na may alam siya sa milyun-milyong kikbak na kalakha'y napunta sa magasawang Arroyo.

Nauna rito, inamin din ni Marcelino Agana IV, abugado ng Presidential Legislative Liaison Office na nakikipag-usap siya kay San Miguel tuwing pansamantalang itinitigil ang mga pagdinig. Tinawagan din daw niya ito bago humarap si San Miguel sa Senado.

Mismong ang Malacañang ang tumawag kay San Miguel para kumbinsihing itanggi niya ang kanyang mga nalalaman. Ginamit ni Arroyo si Secretary for Special Concerns Remedios "Medy" Poblador para busalan siya. Si Poblador ay kilalang opereytor ni Arroyo sa pagpapatupad ng maruruming maniobra. Matatandaang sangkot si Poblador sa nakaraang mga iskandalo ng rehimeng Arroyo gaya ng kontrobersyang Hello Garci at ng panunuhol ng Malacañang sa mga obispo noong nakaraang taon.

ngis sa teritoryo ng Pilipinas sa Spratlys kapalit ng bilyun-bilyong dolyar na pautang.

Noon namang Marso 8, Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, nagmartsa ang 5,000 kasapi ng Babala (Babae Laban sa Katiwalian) at Gabriela mula Welcome Rotonda hanggang Mendiola sa Maynila. Kasapi ng Babala sina dating Sen. Leticia Ramos Shahani, Bibeth Orteza, Armida Siguion-Reyna, Gina de Venecia, Sandra Cam, Josie Lichauco, mga asawa ng nakakulong na mga sundalo at iba pang personahe.

Samantala, naglunsad ng raling iglap ang 30 kabataan sa Baguio

City noong Marso 18 habang nasa Mansion House si Gloria Arroyo. Naghahapunan noon si Arroyo kasama ang mga nagtapos sa Philippine Military Academy nang sigawan siya ng "Gloria Resign."

Lima sa mga kabataan ang hinuli ng pulis. Kabilang dito si John Saligbon, tagapangulo ng UP-Baguio Student Council; John Dalangin, deputy secretary ng Anakbayan; Keidy Transfiguracion, LFS; Eddie Mancilla, Anakbayan; at Imelda Tabiando, pangalawang tagapangulo ng Cordillera Human Rights Alliance. Kagyat din silang pinakawalan ng pulisya.

Maruruming taktika ng desperadong rehimen

Falang katapusan ang mga pagsisikap na makapanlinlang at iba pang maruruming taktika ni Gloria Arroyo para pagtakpan ang mga anomalya sa proyektong NBN-ZTE at iba pang nalalantad niyang mga katiwalian at isalba ang sarili.

Tinatayang umaabot na sa P5 milyon sa loob lamang ng tatlong linggo ang ginugol ng rehimen sa mga patalastas lamang sa tatlong malalaking pahayagan. Hindi pa kasama rito ang mga gastusin sa paglulunsad ng mga rali ng mga bayaran, sunud-sunod na pagpaparada ng mga sipsip na gobernor, myembro ng gabinete, pulisya at militar sa mga inorganisa nitong mga "lakad ng pagkakaisa", panunuhol sa mabibiling mga testigo at marami panq iba.

Sa layuning makapaghiganti sa susing testigong si Jun Lozada, sinampahan siya ng mga alipures ng rehimen ng mga gawa-gawang kasong katiwalian kaugnay ng pusisyon niya bilang presidente ng Philippine Forest Corp. Sinampahan din ng pulisya ng kasong pagsisinungaling si Violet, asawa ni Lozada kaakibat ng petisyon niya para sa writ of habeas corpus at amparo sa Court of Appeals.

Samantala, tinangkang idiskaril ng rehimeng Arroyo ang "caravan for truth" ni Lozada nang sumapit ito sa Cebu City nitong Marso 17. Matapos sikretong kausapin ng Malacañang si Cardinal Ricardo Vidal, nagbilin ito sa mga pari sa Cebu na dumistansya kay Lozada. Lihim na lamang na nagmisa ang iba para kay Lozada.

Bago ito, binantaan ni Justice Secretary Raul Gonzalez ang mga paaralan sa Iloilo City na magpapapasok kay Lozada. Iniutos

niyang mahiqpit na manmanan si colod.

Lozada na aniya'y may mga kasamang "komunista" sa pag-ikot sa Iloilo. Sa kabila nito, mainit na sinalubong ng mga mag-aaral si Lozada at naging matagumpay ang kanyang pagbisita sa Iloilo at Ba-

Sa Laguna, hindi naqtagumpay

ang administrasyon

ng UP-Los Baños-

sa tangka ni-

tong harangin

ang paggamit

niya ng pasi-

mikong komunidad at kay Lozada.

Habang patuloy ang pagharang ng kapulisan sa mga anti-Arroyong demonstrador mula sa mga prubinsya, namumudmod naman ng pera ang Malacañang para pondohan ang mga maka-Arroyong pagkilos. Kabilang dito ang "visita iglesia" ng maliit na grupo ng kababaihan sa 14 sa simbahan sa Metro Manila. Noong Marso 14 din, tinapatan ng bayarang Kongreso ng Mamamayan ang anti-Arroyong interfaith rally sa Liwasang Bonifacio subalit nakapagtipon lamang ito ng 100 katao sa Welcome Rotonda.

Samantala, nagawa ni Arroyo noong Marso 10 na gipitin si dating House Speaker Jose de Venecia hanggang sa naobligang magbitiw ito bilang presidente ng Lakas-Christian-Muslim Democrats at mapalitan ng kasalukuyang House Speaker Prospero Nograles. Inendorso rin ni

> ang planong pagsanibin ang Lakas at partido niyang Kabalikat ng Malavang Pilipino (Kampi) para tiyakin ang hawak niya sa malaking mayorya ng -Kongreso. Ipinangangalandakan ni-

Arrovo at ikinakasa na

yang ang pinagsanib na partidong Lakas-Kampi av magiging isang napakamakapangyarihang partidong magdodomina sa 2010.

Sa pamamagitan nito, inaasahan niyang patuloy siyang makapaghahari lampas sa 2010 at magiging ligtas sa paglilitis at tiyak na kaparusahan para sa mga nasisiwalat na dambuhalang mga kaso ng pandarambong at iba pang katiwalian.

JMSU: Pagtataksil at korapsyon

Tabunyag nitong Marso ang anomalya hinggil sa patagong pagpirma ng rehimeng Arroyo sa Joint Marine Seismic Undertaking (JMSU). Ang JMSU ay kasunduan ng Pilipinas, China at Vietnam para isarbey ang bahagi ng karagatan ng Pilipinas malapit sa Palawan hanggang sa pinag-aagawang Spratly Islands.

Unang nilagdaan ng China at Pilipinas ang JMSU noong Setyembre 2004. Naghabol ang Vietnam kaya nirebisa ito at muling nilagdaan noong Marso 2005. Malaking bahagi ng sinasaklaw ng JMSU ang Philippine Sea. Batay sa mga naunang pag-aaral, tinatayang may mayamang deposito ng langis dito.

Iba't ibang sektor at mga grupo ngayon ang bumabatikos sa JMSU. Tinutuligsa nila ang pambansang pagtataksil ng rehimeng Arroyo dahil sa pagbibigay nito ng karapatan sa ibang bansa na pumasok at magsamantala sa yaman at rekurso ng Pilipinas. Sa pagpirma sa JMSU, nilalabag ng rehimeng Arroyo ang sariling konstitusyon na nagsasaad na tanging mga kumpanyang pagaari o kontrolado ng mga Pilipino ang maaaring magsagawa ng eksplorasyon sa mga likas na yaman ng Pilipinas.

Labis-labis din ang galit ng mamamayang Pilipinas sa JMSU dahil pinirmahan ito ng rehimeng Arroyo kapalit ng taunang pautang na \$2 bilyon taun-taon hanggang 2010. Marami sa mga proyektong pinopondohan ng China, kabilang ang National Broadband Network, ay kinasasangkutan ng anomalya tulad ng mga suhol sa matataas na upisyal ng gubyerno.

Maitatala ngayon si Gloria Arroyo di lamang bilang isa sa pinakamalalaking mandarambong ng kabang-yaman ng Pilipinas kundi isa na rin sa pinakasagadsaring taksil sa pambansang interes.

Sumasakay ang US sa kontrobersyang anti-Arroyo upang itulak ang sariling interes

Sinasakyan ngayon ng imperyalismong US ang isyu ng korapsyon laban sa kasalukuyang papet nito na kinasasangkutan ng malalaking kontrata sa proyekto at pautang ng China sa Pilipinas upang igiit ang pangekonomyang interes ng US sa Pilipinas at mapanatili ang dominasyon nito sa bansa.

Sa artikulong "Off the Rails in the Philippines" na inilabas ng Heritage Foundation, nagbabala ang US na

ang pagsuporta ng gubyernong Bush sa rehimeng Arroyo ay nakadepende sa pagtigil o malaking pagbawas nito ng mga pabor na ibinibigay sa China. Ang Heritage Foundation ay isang kilalang konserbatibong institusyon sa US na nagsasalamin sa mga susing patakaran ng Republican Party ni President Bush sa di tuwirang paraan.

Upang idiin ang babala na ito, tinukoy ng Heritage ang malalaking kaso ng katiwalian na kinasasang-kutan ng mga kontrata sa pagitan ng rehimeng Arroyo at China. Pinansin nito ang malalaking kaso na kinasasangkutan ng mismong pamilyang Arroyo.

Ang di tuwirang banta na ito ng imperyalismong US ay bunga ng pagkabahala sa pagbibigay-daan ng papet nitong rehimen sa lumalaking papel ng China sa bansa. Ipinahayag ng Heritage ang angal ng US sa dumarami nang kontrata sa pagitan ng Pilipinas at mga kumpanyang Tsino kaysa sa mga kumpanyang Amerikano. Nagpahayag ang US ng partikular na pagkabahala sa pinirmahang JMSU. Ang malaking bentaheng makukuha ng China sa JMSU ay makasasama sa interes ng US sa Asia-Pacific, ayon sa Heritage.

Habang ipinapahayag nito ang di pa tuwirang banta sa na-kaluklok nitong papet na rehimen, di ito nangangahulugan na sinusuportahan na ng US ang kasalukuyang mga pagkilos para pabagsakin ang rehimeng Arroyo. Inaasahan nitong tatalima ang papet na si Arroyo sa linyang itinatakda ng US kaugnay

ng relasyon sa China. Nangangamba rin ang US na ang pagpapatalsik kay Arroyo sa pamamagitan ng tuwirang pagkilos ng mamamayan ay lalong magpapalala sa pampulitikang krisis ng naghaharing sistema na ikasasama ng kanyang pangmatagalang interes sa bansa.

Pastor inaresto, 2 imam, dinukot

🗗 alang katotohanan ang sinasabi ng rehimeng Arroyo na malaki na ang ihinupa ng mga paglabag sa karapatangtao. Nitong unang tatlong linggo pa lamang ng Marso, pinagtangkaan ang buhay ng isang lider-masa sa Iloilo City, iligal na inaresto ang isang pastor sa Occidental Mindoro, pinaslang ang isang dating lider-unyon sa Cavite at dalawang *imam* (lider relihiyoso) ang dinukot sa Aklan.


Marso 18. Pinagtangkaang patayin ng dalawang nakamotorsiklong lalaki si Aurelio Bosque, tagapagsalita ng Bagong Alyansang Makabayan-Panay. Sinundan siya at ang dalawa niyang kasama mula sa upisina ng BAYAN sa Jaro District, Iloilo City. Walang puknat ang pagsunod sa kanila kahit lumipat na sina Bosque mula sa dyip na sinasakyan nila tungong taksi. Sa isang pagkakataon ay tinangka ng dalawang lalaki na i-overtake ang sinasakyang taksi nina Bosque. Natiqil lamang ang pagbuntot sa kanila nang pumunta sina Bosque sa isang detatsment ng pulisya sa Barangay Montinola at humingi ng tulong mula sa kapitan ng barangay.

Marso 16. Iliqal na inaresto ng mga elemento ng Philippine National Police si Rev. Melchor Abesamis, pastor ng United Methodist Church (UMC) sa bayan ng Mamburao, Occidental Mindoro. Pinagbintangan siyang myembro ng Bagong Hukbong Bayan at inaakusahang sangkot sa pagkamatay ng apat na pulis sa isang ambus noong Mayo 10, 2007.

Marso 10. Inambus si Gerardo "Gerry" Cristobal, dating pangulo ng Samahan ng mga Manggagawa sa EMI-Yazaki-Independent (Samahan). Pauwi si Cristobal sa kanyang bahay sa Malagasang II, Cavite bandang alas-8 ng umaga nang pagbabarilin siya ng mga armadong lulan ng isang Mitsubishi Pajero. Kaagad namatay si Cristobal matapos magtamo ng pitong tama sa katawan.

Bago ito, noong Abril 28, 2006 ay tinambangan ng mga nakabonet na lalaking sakay ng motorsiklo si Cristobal sa Anabu Public Market. Sivam na bala ang tumama sa kanya, subalit nakaligtas siya sa kamatayan. Nakilala ang isa sa mga salarin na si SP01 Romeo Lara, operatiba ng Philippine National Police-Intelligence Division ng Imus.

Matapos and bigong pagpatay kay Cristobal, pinagbabaril din ang apat na upisyal ng Samahan, sa harap mismo ng EMI-Yazaki, bandang alas-5:20 ng madaling araw noong Disyembre 11, 2006. Patay agad si Jesus "Buth" Servida, dating kasapi ng board of directors ng unyon



samantalang lubhang nasugatan si Joel Sale. Nakaligtas naman ang dalawang iba pang myembro ng unyon.

Ikalawa na si Cristobal sa mga pinaslang mula sa EMI-Yazaki mula noong 2006.

Marso 8. Dinukot ng pitong ahente ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) sina Muhammad Bani at Al-Midzbar Bunajal, kapwa mga imam habang patungo sila sa Madrasah (paaralan ng relihiyong Muslim) sa Sityo Ambulong, Barangay Manoc-Manoc sa Boracay Island, Malay, Aklan. Ayon sa mga saksi, naqpaputok nang dalawang beses and militar bago pilit na isinakay ang dalawa sa isang Suzuki All-Purpose Vehicle. Nagsampa na ng reklamo ang pamilya Bani sa Commission on Human Rights. Pinagbintangang elemento ng Abu Sayyaf ang dalawa.

Gawa-gawang kaso laban kay JMS, dinagdagan

DALAWA na namang hungkag na kaso ang idinagdag ng AFP laban kay Jose Maria Sison, chief political consultant ng NDFP. Ayon sa Task Force Usig, kakasuhan ng *murder* si Sison dahil sa pagpatay kay Joey Javier, dalawang taon na ang nakararaan. Si Javier, pinuno ng Caguimongan, kapatid na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ay pinaslang noong Nobyembre 2006 malapit sa detatsment ng 17th IB sa Baggao, Cagayan.

Nito ring Marso 18 ay isinama ng AFP si Sison sa 38 akusado sa pagdukot umano kay Elizabeth Gutierrez noong Oktubre 24, 2007 sa Basey, Samar. Ilan sa mga kapwa akusado ni Sison sina Ka Luis Jalandoni ng NDFP; Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido; Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna; at Randall Echanis, deputy secretary general ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Noon pa man, sinabi na ng NDFP-Eastern Visayas na si Gutierrez ay isang espiya na sangkot sa pagdukot, pagtortyur at pagpatay sa ilang sibilyan sa Barangay Cancaiyas, Basey. Pinarusahan siya ng kamatayan noong Oktubre 2007. ΑB

Ang matagal na paghihintay

Indi tulad ng karamihang sumasapi sa BHB, halos sampung taon na naghintay si Ka Amanda upang maging Pulang mandirigma. Kaya masayangmasaya siya isang araw noong 2006 nang paabutan ng kadreng namumuno sa kanilang kolektibo na maghanda na siya para sa bagong gawain sa kanayunan.

Sa kagalakan ni Ka Amanda ay nakasulat siya ng isang tula, "Paghihintay na Maging Hukbo". (Ang kanyang tula ay isa sa mga malikhaing obra sa Panay na inilathala sa isyung Oktubre 2006 ng *Ulos*, ang pangkulturang dyurnal ng pambansa-demokratikong kilusan.)

Hindi mahirap para kay Ka Amanda na gagapin ang kahalagahan ng armadong rebolusyon. Isa siya sa mga estudyanteng manunulat na naging aktibo sa kampanya para sa kalayaan sa pamamahayag sa kampus at kalayaang akademiko noong nasa kolehiyo pa lamang siya. Sa kanyang pagdalo sa mga palihan sa pagsusulat, mga pag-aaral sa lipunan, grupong talakayan at kumperensya, naisakonteksto niya ang suliraning pangkampus sa balangkas ng malapyudal at malakolonyal na lipunang Pilipino.


Hindi naglaon ay naging kasapi siya ng Kabataang Makabayan (KM) at narekrut sa Partido Komunista ng Pilipinas. Sa pagpapaloob niya sa kilusang lihim, napalalim at napalawak ni Ka Amanda ang kanyang pampulitikang kamulatan at napanday ang perspektiba sa buhay. Noong 1996, kasama siya sa isang grupo ng mga estudyanteng nakipamuhay sa isang larangang gerilya. Ipinakat siya sa isang Sandatahang Yunit Propaganda sa timogkanluran ng Panay at doon ay sumabak sa gawaing masa.

Doon, naranasan at naramdaman niya ang mapagkasamang diwa ng mga Pulang mandirigma sa kagaya niyang nagmula sa uring petiburges. Noong una, inaalalayan siya sa paglalakad, laluna sa gabi kung saan hindi pwedeng gumamit ng sulo o flashlight, sa pagtawid sa madudulas na sapa't ilog, sa pag-akyat sa matatarik na bundok at pagbagtas sa madudulas na daan. Kung kaya naman itinulak niya ang kanyang sarili

na sumabay sa bwelo ng mga mandirigma kahit pagod na siya. Batid niyang ang bawat galaw ay mahalaga para sa mga yunit ng BHB, laluna sa mga eryang rekoberi dahil lubhang sinasalanta ang mga ito ng mga pasistang militar at bandidong paramilitar na Revolutionary Proletarian Army (RPA).

Malalim ang talab kay Ka Amanda ng kanyang integrasyon sa pagkilos sa kanayunan at sa hukbong bayan. Nabuhay para sa kanya ang mga ideyang nababasa lamang niya sa mga pampulitikang sulatin. Doon niya nakita kung paanong tinatangkilik ng masang magsasaka ang tunay nilang hukbo. Taliwas ito sa maitim na propagandang ipinagkakalat ng militar upang dungisan ang prestihiyo ng rebolusyonaryong kilusan at tabunan ang kanilang mga krimen laban sa mamamayan.

Sa kanayunan, kahalubilo nila ang mga magsasakang simple lamang ang inaasam sa buhay—ang magkaroon ng sariling lupang mabubungkal. Lumalahok ang mga Pulang mandirigma sa produksyon at kasalo nila ang mga maralitang



magsasaka sa pagkain ng kamoteng kahoy at iba pang mga gawain at mga simpleng kasiyahan sa arawaraw.

Buhay na nasaksihan ni Ka Amanda sa maunlad na ugnayan ng mga Pulang mandirigma at nilulubugang masa ang makaprinsipyo, matapat at mapagkasamang pagpupunahan sa pagitan ng taumbaryo at mga kasama sa hukbo. Hindi niya makalimutan ang unang tuwirang nasaksihan niyang matinding pagpuna ng isang matandang magsasaka sa napansin niyang mga kahinaan ng isang iskwad lider ng BHB at ang mahinahon, mapagkumbaba at mapagpasalamat na pagtanggap ng kasama.

Kahit ilang linggo lamang ang kanyang integrasyon sa kanayunan, malalim ang naging impluwensya nito sa kanyang kamulatan. Isinulat niya ang kanyang mga impresyon at natutunan. Inilathala ito sa kanilang pangkampus na pahayagan. Kasunod niyon ay ipinaabot niya sa kanyang kakolektibo ang kanyang paghahangad na maging Pulang mandirigma. Lalong pinagtibay ang pagnanais na ito nang mabalitaan niyang ang isang da-

ting estudyante ng University of the Philippines-Visayas at makatang si Mary Gene Dumaplin (Ka Tingting) ay namatay sa pakikisagupa sa 12th IB-PA noong 1998.

Muli siyang nagprisinta nang ang pamunuan ng Partido sa rehiyon ay nagkampanya sa mga kabataan at estudyante ng pagsapi sa hukbong bayan. Maraming tumugon dito. Ngunit siya mismo ay di pa maitalaga sa kanayunan dahil mas kinakailangan pa siya sa ilang kagyat na gawain sa kalunsuran.

Sa kanyang tula, isinaad ni Ka Amanda ang pagpapalubag niya sa sarili nang hindi siya mapabilang sa grupong itinalaga sa kanayunan:

Gusto ko na sanang sumuko/Naiinip na kasi sa mga pagasa mo/Ngunit talagang desidido na ako sa 'yo/Handang harapin mga pahirap at pagsubok//

Hindi nabawasan ang determinasyon ni Ka Amanda. Ginampanan niya nang buong sigla ang kanyang gawain habang naghihintay. Isang araw noong Hunyo 2006, napagpasyahan ng kanyang kolektibo na paunlakan na ang matagal na niyang hinihiling.

Pagsapi niya, ipinakat siya sa isang platun kung saan nag-iisa siyang babaeng mandirigma. Sumulat at nanawagan siya sa kanyang mga kapwa babaeng estudyante na sumapi na rin sa BHB at maging bahagi ng mayamang kasaysayan ng kababaihang nakibaka at nagtagumpay.

Kabilang na si Ka Amanda sa dumaraming babae sa BHB. Nangako siyang:

Sa araw ng lubos na pagtanggap mo sa akin/Sisiguraduhin kong hindi masasayang/Ang tagal ng aking paghihintay/Magliling-kod sa iyo nang buong panahon at buhay.//

Mga demolisyon, dulot ng mapaminsalang mga proyekto ni Arroyo

aakibat ng ipinangangalandakang "prayoridad na mga proyekto" ni Gloria Arroyo ang malawakang demolisyon sa mga bahay ng mga maralita. Hindi lamang sa Metro Manila nagaganap ang mga demolisyon kundi pati sa iba't ibang prubinsya sa bansa.

Panloloko ang sinasabi ni Arroyo na lubos na makikinabang ang mamamayan sa mga imprastrukturang itatayo at ilalatag. Ang totoo, winawasak ng mga proyektong ito hindi lamang ang mga bahay kundi ang kabuhayan ng maraming pamilya. Tanging ang malalaking kumprador at negosyanteng dayuhan ang tiyak na makikinabang sa mga proyekto. Higit sa lahat, ang mga proyektong ito ay palabigasan lamang ng kampo ni Arroyo na lubos nang namimihasa sa korapsyon at pandarambong.

Tinatayang aabot sa 80,000 pamilya o 400,000 katao ang mawawalan ng tahanan dahil sa mga demolisyon kaugnay ng North-South Railway Project. Sa proyektong ito, umaabot sa 39,000 pamilya ang apektado sa kahabaan ng riles sa Kamaynilaan (2,851 pamilya sa Kalookan; 16,113 pamilya sa Maynila; 3,580 pamilya sa Makati; 4,454 pamilya sa Taquiq; 1,605

10,555 pamilya sa Muntinlupa). Nangangalahati na ang demolisyon sa mga lugar na ito. Apektado ang 21 barangay sa Kalookan, 88 sa Maynila, apat sa Makati, dalawa sa Taguig, isa sa Parañaque at walo sa Muntinlupa. Ubos na ang mga bahay sa tabing riles sa katimugang bahagi ng Metro Manila. Wala nang mga bahay sa tabing riles sa Vito Cruz hanggang Sta. Mesa.

Libu-libong pamilya ang apektado ng proyektong *road-widening* ni Arroyo. Sa demolisyon sa C-5, umaabot sa 40,000 pamilya ang apektado sa Barangay Pansol, Culiat, Pasong Tamo, Holy Spirit at Tandang Sora sa Quezon City.

Malawakan ang demolisyon sa bahaging C-5 sa Taguig. Noong Enero 29, marahas na dinemolis ang mga



13, Sityo Masagana, East Service Road, Western Bicutan.

Aktibong instrumento sa demolisyon ang militar. Animo'y susugod sa gera ang mga sumalakay na armadong elemento ng Philippine Army. Pinagwawasak nila ang mga bahay habang umaali-aligid ang helikopter ng AFP. Enero 28 nang dagsain ng humigit-kumulang isang batalyong sundalo ang lugar. Idinahilan sa deployment ang umano'y presensya ng BHB doon.

Isinagawa naman ang demolisyon sa R-10 Mabuhay sa Tondo, Maynila para paluwagin ang kalsada doon. Apektado naman ng Laguna Lake Rehabilitation Program ang 12,000 pamilya sa Sta. Ana, Pateros.

Sa pribatisasyon ng Manila North Harbor, itatayo ang *medium-rise* na gusali sa lupaing sasaklaw sa 5.6 ektarya. Dulot nito, idedemolis ang kabahayan ng 10,000 pamilya.

Biktima rin ng demolisyon ang mga manininda sa gilid ng mga palengke at kalsada. Nitong Marso 5, naging marahas ang pagdemolis ng MMDA sa mga manininda sa Philcoa Wet and Dry Market sa Commonwealth Avenue, Quezon City.

Noong Enero 8, ganap na ipinatupad ang Zero Vendors Policy na inilabas ng alkalde ng Maynila. Ipinagbabawal ng kautusang ito ang pagtitinda sa mga *sidewalk* ng Rizal Avenue, Pedro Gil at Vito Cruz.

Sa Southern Tagalog, umabot sa 14 na bayan at pitong syudad ang apektado ng Philippine National Railroad Modernization and Rehabilitation Project. Kagyat na target ng demolisyon sa Laguna ang mga bahay sa tabing-riles sa San Pablo, Sta. Rosa, Biñan, Calamba at San Pedro. Apektado sa mga lugar na ito ang 10,454 pamilya. Umabot lamang sa 1,600 ang dinala sa relokasyon habang ang iba ay pinabayaan na lamang. Pinangungunahan ng National Housing Authority

ang demolisyon at katuwang nito ang Housing and Urban Development Coordinating Council na pinamumunuan ni Bise Pres. Noli de Castro. Tinatayang umaabot sa ₱1 bilyon ang kurakot mula sa kunwa'y pondo sa relokasyon na ₱150,000 bawat apektadong pamilya.

Nasa rehiyong ito ang 12 sa 20 kalsadang nakatakdang paluwagin. Dahil dito, marami nang mga bahay ang dinemolis sa Laguna.

Inilabas naman ng upisina ng mga meyor sa Cavite City, Dasmariñas at Bacoor, Cavite ang kautusang "zero squatters." Apektado rito ang 57,000 pamilya.

Sa Nueva Vizcaya, maraming bahay ang dinemolis dahil sa operasyon ng Oxiana Mining Corp. Sa Cagayan, nakatakdang itayo ang Cagayan Eco Zone. Nakatakda ring gawin ang isang paliparan sa bayan ng Sta. Ana.

Sa Davao, nagkaroon ng demolisyon kaugnay ng pagsasapribado ng Davao Medical Center. Samantala, dinemolis ang mga bahay ng mga ordinaryong sundalo sa paligid ng Camp Panakan. Planong magtayo sa lugar ng isang pribadong condominium.

Malagim na mukha ng relokasyon

Ang Southville Subdivision Phase I sa Barangay Marinig, Cabuyao, Laguna ay larawan ng kahungkagan at kalupitan ng programang relokasyon ng rehimen. Matapos wasakin ang kanilang mga kabahayan at kakaunting pag-aari, itinatapon ng rehimen ang mga maralita sa malalagim na *relocation site* na malayo sa lugar ng kanilang hanapbuhay.

Sa Southville 1 itinambak ang mga 9,783 pamilya (o 30,000 indibidwal) na dinemolis ang mga tahanan sa gilid ng riles ng Philippine National Railways (PNR) sa Makati at Maynila. Dinemolis ang kanilang mga bahay sa bisa ng Administrative Order 111 ni Arroyo noong November 8, 2004. Bahagi ito ng sinasabing paghahanda sa rehabilitasyon sa PNR na kabilang sa mga prayoridad ng rehimen.

Binigyan lamang ng National Housing Authority (NHA) ang bawat pamilya ng kakarampot na ₱25,000. Pinangakuan sila ng dagdag na ₱25,000 para sa mga materyales sa paggawa ng panibagong bahay kung papayag silang lumipat sa Southville 1 sa mga loteng may sukat na 40 metro kwadrado. Mas masahol pa, maaari lamang silang bumili ng materyales sa itinakdang mga tindahan na ang presyo ay halos doble sa karaniwan. Dahil dito, karaniwang barung-barong lamang ang natitirhan nila sa pinagtapunan.

Wala na ngang mga hanapbuhay, pinababayaran pa sa kanila ang lupa nang ₱200-500 bawat buwan sa loob ng 30 taon. Kapag hindi sila nakapagbayad sa loob ng ilang buwan, muli silang pinalalayas.

Walang elektrisidad o tubig ang 66% sa naitayong mga barungbarong. Hindi kaya ng mga pamilya ang ₱5,000 para sa pagpapakabit ng mga ito. Marami ang nagkakasakit sa lugar dahil ang balon na pinagkukunan nila ng iniinom na tubig ay marumi at kontaminado ng dating dumpsite (tapunan ng basura) sa kalapit. Karaniwan ang mga sakit ng tuberkulosis at dengue pero mayroon lamang isang health center doon na may dalawang nars at isang bahagyang-panahong kumadrona. Sarado pa ito tuwing Sabado at Linggo.



Taon XXXIX Blg. 6 Marso 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Kamtin ang lahatang-panig na rebolusyonaryong pagsulong

Sagpangin natin ang napakainam na rebolusyonaryong sitwasyong ibinubukas ng rumaragasang kilusang anti-Arroyo. Milyun-milyong mamamayan sa loob at labas ng bansa ang napupukaw ng kilusang protesta para wakasan ang labis na kinamumuhiang rehimeng US-Arroyo.

> Dapat na puspusang itulak ang mga pakikibakang anti-Arroyo upang anihin ang lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan at kamtin ang mga rebolusyonaryong igpaw at pangmatagalang mga bentahe sa mamamayan.

agalang mga bentahe sa mamamayan.

Ang pakikibaka para patalsikin ang
rehimeng Arroyo ay lalong

naglilinaw sa mama-

mayan ng pangangailangan para sa pundamental na pagbabago. Ipinakikita ng korapsyon ng naghaharing rehimen ang kabulukan ng reaksyunaryong estado. Ipinakikita ng panunupil nito sa mamamayan hindi lamang ang pagmamatigas ni Gloria Arroyo na manatili sa poder, kundi pati na ang pasismo ng estadong kontra-mamamayan.

Habang tumatagal at tumitindi ang labanan, lalong dumarami ang mamamayang namumulat sa pangangailangang wakasan na ang kabuuan ng mapagsamantala at mapang-aping sistemang lipunan na nagluluwal ng mga rehimeng katulad ng rehimeng US-Arroyo.

Tumitingkad ang pangangailangan para sa rebolusyonaryong dahas upang labanan ang pasista at kontra-rebolusyonaryong dahas ng reaksyunaryo at papet na rehimen at estado.

Ang unos ng mga protesta ay nagsisilbing tuntungan upang lalo pang itabolusyonaryong

as ng rebolusyonaryong kilusan ang antas ng kamulatan, organisasyon at pagkilos ng iba't

Mga tampok sa isyung ito...

Ibayong palakasin ang militanteng paglaban PAHINA 3

JMSU: Pagtataksil at korapsyon PAHINA 7

Mga demolisyon, dulot ng programa ni Arroyo PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*